



## Konseho ng Lungsod ng Fremont

3300 Capitol Avenue  
Fremont, CA 94538

**ISINUMITE**

Pulong: 07/13/17 07:00 ng Gabi  
Dibisyon/Sanay: Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod  
Kategorya: Mga Presentasyon

**ULAT NG KAWANI (ID # 4409)**

Mga sponsor:  
DOC ID: 4409

### **IMPORMASYON SA PARATING NA PROSESO NG MULING PAGDIDISTRITO SA LUNGSOD NG FREMONT – IMPORMASYON AT PRESENTASYON NG PANGKALAHATANG-IDEYA NG PARATING NA PROSESO NG MULING PAGDIDISTRITO SA LUNGSOD NG FREMONT**

#### **Mga Taong Kakausapin:**

Pangalan:	Amanda Gallo	Christina Briggs
Titulo:	Tagasuri sa Pangangasiwa II	Kinatawan ng Tagapamahala ng Lungsod
Dibisyon/Sangay:	Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod	Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod
Telepono:	510-284-4016	510-284-4022
E-Mail:	agallo@fremont.gov	cbriggs@fremont.gov

**Buod ng Ehekutibo:** Tuwing sampung taon, kasunod ng bawat pederal na sensus, dapat suriin ng mga lungsod na gumagamit ng mga sistemang halalan na nakabatay sa distrito ang mga hangganan ng mga distrito ng pagboto at muling pagtibayin ang mga hangganan ng distrito batay sa kasalukuyang datos ng sensus upang matiyak na ang mga distrito ng pagboto ay mananatiling malaki ang katumbas sa populasyon at pinoprotektahan pa rin ang mga karapatan ng mga miyembro ng mga komunidad na interesadong bumoto para sa mga kandidato na kanilang pinili. Ang datos mula sa 2020 sensus ay maaaring lumikha ng pangangailangan na isaayos ang mga hangganan ng distrito ng pagboto upang matugunan ang mga pagbabago sa populasyon o demograpiko mula noong nakaraang sensus noong 2010. Ipinahayag ng U.S. Census Bureau na maaantala ito sa paghahatid ng datos na hinihingi sa pagsusuring ito. Sa halip na maihatid ang datos sa Hulyo 31, 2021, ihahatid ang datos sa Setyembre 30, 2021. Isasagawa ng Lungsod ng Fremont ang regular na halalan sa Nobyembre 8, 2022, at ang mga hangganan para sa mga distrito ng pagboto ay dapat pagtibayin nang hindi lalampas sa 205 araw bago ang halalan na iyon. Samakatuwid, ang mga hangganan ng distrito ay dapat pagtibayin nang hindi lalampas sa Abril 18, 2022.

**BACKGROUND:** Noong 2017, sinimulan ng Lungsod ang paglipat mula sa malawakan hanggang sa ayon sa mga distrito na halalan. Upang maisagawa ang paglipat mula sa malawakan patungo sa ayon sa distrito na batayan ng halalan, nagpatala ang Lungsod ng mga serbisyo mula sa isang demograpo at nakikibahagi sa isang matatag na proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad. Ang mga mapang nakabatay sa distrito ay pinagtibay noong Hunyo 13, 2017 ng Konseho ng Lungsod na may isang ordinansang naga-apruba sa anim na mga bagong distrito ng Konseho at nagtatatag ng iskedyul ng phase-in. Sa halalan noong Nobyembre 2018, nakilahok ang mga botante sa unang halalan na nakabatay sa distrito nang may dapat na ihalal sa apat na puwesto sa Konseho ng Lungsod; Distrito 1 (Hilagang-kanlurang bahagi ng lungsod - dalawang-taong termino), Distrito 2 (Gitnang hilagang bahagi), Distrito 3 (Gitnang bahagi), at Distrito 4 (Silangang bahagi). Sa halalan noong Nobyembre 2020, ang mga botante sa Distrito 1 (Hilagang-kanlurang bahagi), Distrito 5 (Timog na bahagi) at Distrito 6 (Gitnang timog na bahagi) ay naghalal ng miyembro ng Konseho sa bawat Lungsod, at ang lahat ng mga botante ang nagpasya sa posisyon ng Alkalde.

Sa sandaling lumipat ang Lungsod sa mga halalan sa distrito, hinihingi ng batas ng estado sa Konseho ng Lungsod na suriin at, kung kinakailangan, ayusin ang mga hangganan ng distrito ng Konseho ng Lungsod kada 10 taon kasunod ng Pederal na Sensus upang matiyak ang pagsunod sa Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto. Hinihingi ng prosesong ito sa Lungsod na magbigay ng malawak na impormasyon at paabiso upang hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng mamamayan, magsagawa ng apat na pagdinig sa publiko, at pagtibayin ang mga hangganan sa ilalim ng mga tinukoy na parameter. Nagtala ang Lungsod ng Fremont ng mga serbisyo ng demograpo mula sa National Demographics Corporation, Inc. upang tumulong sa pamamahala ng proseso ng muling pagdidistrito ng Lungsod upang matiyak ang pangkalahatang pagsunod sa pagsusuri ng datos, paggawa ng mapa, pangangasiwa sa website, timeline at mga kinakailangan sa pag-aabiso.

**TALAKAYAN/PAGSUSURI:** Mula nang lumipat ang Konseho ng Lungsod sa mga halalan sa distrito, nagpatupad ang Estado ng mga karagdagang batas na namamahala sa proseso ng muling pagdidistrito, kabilang ang Fair Maps Act na lumikha ng nakatatag na pamantayan sa muling pagdidistrito na naglalayong mapanatiling magkakasama ang mga komunidad at upang ipagbawal ang partisan gerrymandering. Naglalaman din ito ng pinalawak na pag-abot sa komunidad at mga kinakailangan sa pagdinig sa publiko at mga timeline, na mas sumusubaybay nang mabuti sa iskedyul ng Estado sa muling pagdidistrito.

- Dapat isagawa ang tiyak na kinakailangang pamantayan ng Pederal kapag muling iginuguhit ang mga distrito:
  - Ang bawat distrito ng Konseho ng Lungsod ay dapat maglaman ng halos pantay na populasyon;
  - Ang plano ng pagdidistrito ay dapat iguguhit sa paraan na sumusunod sa Batas ng Pederal sa Karapatan sa Pagboto at Sugnay ng Pantay na Proteksyon ng Konstitusyon ng US; at
  - Ang mga distrito ng Konseho ng Lungsod ay hindi dapat iguhit na ang lahi ang nangingibabaw na salik.
- Hinihingi ngayon ng Fair Maps Act sa Konseho ng Lungsod na pagtibayin ang mga hangganan ng distrito gamit ang mga tiyak na pamantayan gaya ng itinakda sa sumusunod na pagkakasunud-sunod ng priyoridad:
  1. Sa lawak na maisasagawa, ang mga distrito ng konseho ng lungsod ay dapat na magkakatigang heograpiya. Ang mga lugar na nagtatagpo lamang sa mga bahagi ng magkadugtong na sulok ay hindi magkakatigang. Ang mga lugar na pinaghihiwalay ng tubig at hindi konektado ng tulay, lagusan, o regular na serbisyo sa lantsa ay hindi magkakatigang.
  2. Sa lawak na maisasagawa, ang integridad ng heograpiya ng anumang lokal na kapitbahayan o lokal na pamayanan ng interes ay igagalang sa paraang nababawasan ang pagkakabahagi nito. Ang "komunidad ng interes" ay isang populasyon na nagbabahagi ng mga karaniwang mga sa lipunan o pang-ekonomiya na dapat isama sa loob ng isang distrito para sa mga layuning epektibo at patas na representasyon nito. Hindi kasama sa mga komunidad ng interes ang kaugnayan sa mga partidong pampulitika, nanunungkulan o mga kandidato sa politika.

3. Ang mga hangganan ng distrito ng Konseho ng Lungsod ay dapat na madaling kilalanin at maunawaan ng mga naninirahan. Sa lawak na maisasagawa, ang mga distrito ng konseho ng lungsod ay dapat may hangganan na natural at artipisyal na mga harang, ng mga kalye, o ng mga hangganan ng lungsod.
  4. Sa lawak na maisasagawa, at kung saan hindi ito sumasalungat sa naunang pamantayan sa subdibisyong ito, ang mga distrito ng konseho ng lungsod ay dapat iguhit upang hikayatin ang pagiging isa nito sa heograpiya sa paraang ang mga kalapit populasyon ng lugar ng populasyon ay hindi nalalaktawan pabor sa mas malayong mga populasyon.
- Bilang karagdagan, ang Fair Maps Act ay naglalaman ng malawak na listahan ng mga aksyon na kinakailangang gawin ng Lungsod upang hikayatin ang mga naninirahan na lumahok sa proseso ng pagsusuri ng publiko sa muling pagdidistrito. Ang mga highlight ng ilang sa mga kinakailangan ay nakalista sa ibaba:
    - Dapat na magsagawa ang Lungsod ng hindi bababa sa apat na pagdinig sa publiko kung saan inaanyayahan ang publiko na magbigay ng input tungkol sa pagkakabuo ng isa o higit pang mga distrito ng pagboto.
    - Dapat magbigay ang Lungsod ng impormasyon sa buong proseso upang hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng mamamayan mula sa mga mamamayan at ang mga pangkat ng komunidad o mga organisasyong nagsisilbi sa komunidad, kasama ang mga aktibo sa mga komunidad na may wikang minorya, at ang mga humiling ng impormasyon tungkol sa mga pagsisikap sa muling pagdidistrito.
    - Dapat magbigay ang Lungsod ng isang pangkalahatang paliwanag tungkol sa proseso ng muling pagdidistrito sa Ingles at mga naaangkop na wika, gayundin ang mga pamamaraan para sa isang miyembro ng publiko na magpatotoo sa panahon ng pagdinig sa publiko o magsumite ng nakasulat na patotoo nang direkta sa konseho ng lungsod sa Ingles at anumang naaangkop na wika.
    - Dapat magtatag at magpanatili ang Lungsod ng isang web page na nakatuon sa muling pagdidistrito para sa hindi bababa sa 10 taon kasunod ng pagpapatibay sa mga bagong hangganan ng distrito.

Ang isang pansamantalang timeline para sa proyekto ng muling pagdidistrito sa Lungsod ng Fremont ay gaya ng sumusunod:

- Hulyo 2021- Oktubre 2021:
  - Ilunsad ang website ng impormasyon sa Muling Pagdidistrito ng Lungsod ng Fremont.
  - Simulan ang iba pang malawakang mga pamamaraan sa pakikipag-ugnayan sa komunidad upang maibigay ang impormasyon sa publiko tungkol sa proseso ng muling pagdidistrito.
  - Magsagawa ng pagdinig sa publiko upang pormal na mailahok ang publiko sa proseso ng muling pagdidistrito na may wastong paabiso at mga kinakailangan sa pagsasalin.
- Oktubre 2021 – Marso 2022:
  - Patuloy na magbigay ng sapat na impormasyon at paabiso para sa pakikilahok ng publiko.

- Magsagawa ng karagdagang tatlong mga pagdinig sa publiko na may wastong paabiso at mga serbisyo sa pagsasalin.
- Tanggapin ang pagsumite ng iba't ibang mga bersyon ng mapa at patotoo ng publiko at makipagtulungan sa kasangguni upang suriin.
- Abril 2022 (mga Abril 18, 2022):
  - Susuriin at pagtitibayin ng Konseho ng Lungsod ang mapa ng hangganan ng Distrito batay sa mga kinakailangan sa Fair Maps Act.

**EPEKTO SA PISKALYA:** Walang epekto sa piskalya na nauugnay sa ulat na ito. Gayunpaman, hinihingi ng proseso ng muling pagdidistrito sa Lungsod na panatilihin ang mga serbisyo ng isang demograpo. Kinuha ng mga kawani ang mga serbisyon ng ito sa National Demographics Corporation, Inc. Ang gastos sa mga serbisyo ay hindi dapat humigit sa \$72,000. Bilang karagdagan, magkakaroon ng mga gastos ang Lungsod na may kaugnayan sa mga pagsisikap sa komunikasyon para sa proseso tulad ng pag-iimprenta, mga ad, atbp.

**PAGSUSURI SA KAPALIGIRAN:**

**MGA KALAKIP:** Wala.

**REKOMENDASYON:** Tanggapin ang impormasyon at presentasyon ng pangkalahatang-ideya ng darating na proseso ng Muling Pagdidistrito sa Lungsod ng Fremont.